WELCOME TO KERRY'S PLACE AUTISM SERVICES

MISYON (MISSION STATEMENT):
Ang Kerry's Place Autism Services ay nakatuon sa pagpapabuti ng kabuhayan ng mga taong mayroong Autism Spectrum Disorder, sa pamamagitan ng isinapersonal na suporta, kadalubhasaan sa Autism Spectrum Disorder, pakikipagtulungan at pagtataguyod para sa mga mayroong Autism Spectrum Disorder.

PAMANTAYAN (VALUE STATEMENT):
- *Angsumusunod ay mga pamantayan ng Kerry's Place Autism Services:*
- *Karapatang maisama ang bawat tao sa lahat ng aspetong panlipunan*
- *Paggalang sa dignidad at pagkakaiba ng bawat indibidwal*
- *Dedikasyon sa pinakamahusay na pamamaraan, kalidad, makabuluhang pagtugon at pagtutulong-tulong ng isa't-isa*
- *Katarungan, pagkakapantay-pantay, karapatang pumili at karapatan sa mga oportunidad*
- *Integridad*
- *Ang suporta ng pamilya at komunidad*
- *Mga Karapatang Pantao (The Charter of Rights and Freedoms)*

LAYUNIN (VISION STATEMENT):
Ang hangarin ng Kerry's Place Autism Services ay ang maging kilalang gabay sa pagpapabuti ng kabuhayan ng mga indibidwal na mayroong Autism Spectrum Disorder upang sila ay mabuhay ng may dignidad at ng may respeto mula sa kanilang kapwa tao.

Itinayo noong 1974, ang Kerry's Place Autism Services ay isang "non-profit" na organisasyong nakatutok sa pagtulong sa mga taong mayroong Autism Spectrum Disorder sa Ontario. Ang pangunahing pinanggagalingan ng aming pondo ay ang Ministry of Community and Social Services at ang Ministry of Children and Youth Services. Kami ay pinamamahalaan ng mga boluntaryong Lupon ng mga Director (volunteer Board of Directors).

Kerry's Place Autism Services ay naghahandog ng mga serbisyo sa mga indibidwal na mayroong Autism Spectrum Disorder at sa kanilang mga pamilya. Ilan sa mga serbisyo ay ang sumusunod:
• Para sa Tahanan o Pagpapabahay
- mga komunidad na tahanan (group homes) at mga alternatibong tirahan
• Para sa Hanapbuhay at Trabaho
- makabuluhang pagtitipon upang pag-usapan ang mga posibleng hanapbuhay, trabahong ukol sa may kapansanan, suporta sa pagabot sa mga mataas na lebel na trabaho at mga oportunidad na mag-boluntaryo sa komunidad
• Para sa Komunidad:
- pagpapanayam at pagkokonsulta para sa mga indibidwal, pamilya, paaralan at sa komunidad hinggil sa mga isyu o bagay-bagay patungkol sa Autism Spectrum Disorder

- pagsali sa pagpaplano ng komunidad para sa hinaharap upang ang mga pangkomunidad na mga pasilidad at bagaybagay ay ugma sa mga pangangailangan at maaring magamit ng mga may kapansanang Autism Spectrum Disorder
- serbisyo para sa pagtulong sa pangangalaga ng may kapansanan (respite services)
- mga pagtitipon para mapahusay ang pakikipag-ugnayan sa ibang tao; mayroon ayon para sa mga bata, sa mga nagbibinata/nagdadalaga at sa mga matanda

Sa Kerry's Place Autism Services, sinisikap naming panindigan ang aming Misyon,Pamantayan, at Layunin. Subalit, kung mayroon kayong tanong o ikinababahala, kayo po ay aming iniimbitahan na dalhin ang mga ito sa aming atensyon upang mapag-usapan. Ang sumusunod ay ang aming impormasyon:

<u>Kerry's Place Autism Services – West Region:</u>
Regional Director – Mr. Jim Preston 905-457-8711 ext. 11
Address: Kerry's Place Autism Services – Central West Region
25 Van Kirk Dr., Unit #3
Brampton, Ontario
L7A 1A6
Community Services Department for Peel & Halton 905-457-1130 ext. 202
Community Employment Department for Peel & Halton 905-457-1130 ext. 202
Address: 153 Queen St. W.
Brampton, Ontario
L6Y 1M4
Community Services Department for Dufferin 519-941-7038
Options Plus Day Program for Dufferin 519-941-7038

Kerry's Place Autism Services – Head Office
Executive Director 905-841-6611 ext. 304
Address: Kerry's Place Autism Services
34 Berczy St., Suite 190
Aurora, Ontario
L4G 1W9